

Makipag-ugnayan sa amin para sa anumang problema sa buhay bilang mamimili

Konsultasyon para sa mga Dayuhang Residente sa Aichi Prefecture

Konsultasyon para sa mga Isyu bilang Mamimili

Tuwing ika-4 na Lunes ng buwan mula 1:00 p.m. to 4:30 p.m.

Problema sa mga kontrata, danyos dulot ng mga mapanlinlang na pamamaraan ng pagnenegosyo, patong-patong na pagkautang, at mga aksidenteng may kinalaman sa produkto, at iba pa.

[Konsultasyon para sa mga Dayuhan, Aichi Multicultural Center]

Tagapagtupad: Aichi International Association (Korporasyon ng mga organisasyon para sa kapakanan ng publiko)

Sa pakikipagtulungan ng: Aichi Prefecture

Takdang araw at oras : Tuwing ika-4 na Lunes ng buwan
1:00 p.m. - 4:30 p.m.

- ※ Magpareserba sa telepono hanggang alas 12 ng tanghali ng Biyernes isang linggo bago dumating ang takdang araw.
- ※Kung ang takdang araw ay nataon na piyesta opisyal gaganapin ang konsultasyon sa susunod na araw.

Paraan ng Konsultasyon : First come, first served ang pagpapareserba
Hanggang 4 na katao(grupo) sa isang araw.
Pakikipag-usap sa propesyonal na Tagapayo.

Huwag mag-alala dahil may interpreter naman

Aichi Multicultural Center


☎ 052-961-7902

Email sodan@aia.pref.aichi.jp

Para sa mga Tanong at Pagpapareserba : Lunes hanggang Biyernes
mula 10:00 a.m. hanggang 6:00 p.m.

Aichi International Association (Korporasyon ng mga organisasyon
para sa kapakanan ng publiko.)

Sa loob ng Aichi International Plaza, Sannomaru Annex Building, Aichi
Prefectural Government 1F, 2-6-1, Sannomaru, Naka-ku, Nagoya



[Paraan ng Pagpapareserba ng Konsultasyon]

Tumawag sa Aichi Multicultural Center

☎ 052-961-7902

※ Ipaliwanag nang maikli ang gustong ikonsulta upang
makapaghanda ng mga kakailanganing materyales.

Sa mga nakapagsasalita ng Nihongo

[Tumatanggap ng konsultasyon sa pamamagitan ng telepono.]

Hotline para sa mga Mamimili ☎ 188

Aichi Prefectural Consumer Affairs Center

☎052-962-0999

May mga dalubhasang Tagapayo na tutulong sa inyo para hanapan ng solusyon ang mga isyu bilang mamimili tulad ng problema sa produkto, o sa mga kontratang may kaugnayan sa serbisyo, danyos dulot ng mga mapanlinlang na pamamaraan ng pagnenegosyo, patong-patong na pagkakautang, at mga aksidenteng may kinalaman sa produkto.

Lunes - Biyernes, 9:00 a.m - 4:30 p.m./Sabado at Linggo, 9:00 a.m. - 4:00 p.m.

(Sarado tuwing piyesta opisyal at Disyembre 29 -January 3)

Aichi Prefectural Office Local Autonomy 1F, 2-3-2 Sannomaru, Naka-ku, Nagoya

Makipag-ugnayan sa amin dahil maaaring magbago ang mga nilalaman.

~~~~~

Halimbawa, may ganito ka bang problema?

Komunsulta kung sakaling magkaproblema tulad ng mga sumusunod:

Halimbawa 1

Pumirma sa isang kontrata dahil sinabing magmumura ang presyo ng isang modelo ng smart phone, pero hindi naman nangyari.

Halimbawa 2

Binayaran nang buo ang binili sa mail order pero di naman dumating ang produkto.

Halimbawa 3

Biglang narehistro sa isang adult na site sa isang click lamang.

Halimbawa 4

Nasira ang nabiling “as is” na second hand na kotse at nais ipaayos nang walang bayad.

Halimbawa 5

Dapat bang bayaran ang mataas na halaga ng pagpapaayos sa inalisang apartment?

Huwag mag-atubiling komunsulta sa amin sa kahit anumang problema!